

Advisory No. 085, s. 2019

Hunyo 7, 2019

In compliance with DepEd Order No. 8, 2013  
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,  
personnel/staff, as well as the concerned public.  
(Visit [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph))

## LINANGAN 2019: PAMBANSANG WORKSYAP SA PAGTUTURO SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ay magsasagawa ng Linangan 2019: Pambansang Worksyap sa Pagtuturo sa Sikolohiyang Pilipino mula ika-10 hanggang 12 ng Hulyo 2019 na gaganapin sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio, Lungsod ng Baguio, Benguet.

Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. matalakay ang pangkalahatang oryentasyon at balangkas sa pagtuturo ng isang kurso sa Sikolohiyang Pilipino;
2. kilalanin ang papel ng kolonyalismo sa pagdeblop ng sikolohiya sa Pilipinas;
3. matalakay ang kalikasan ng Sikolohiyang Pilipino bilang siyentipikong disiplina at kilusan ng pagsasakatutubo;
4. maipabatid ang mga batayang kaisipan sa kultura, lipunan at Sikolohiyang Pilipino;
5. maunawaan ang papel ng *intersectionality* sa pag-unawa ng pagkakaiba-iba ng mga karanasan ng mga Pilipino;
6. matalakay ang mga batayang prinsipyo ng malikhaing pamamaraan ng pagtuturo;
7. maisakuntakto ang mga kinakaharap na hamon sa pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino; at
8. maipamalas ang mga natutunang kaisipan at istrategiya mula sa worksyap.

Ang maaaring lumahok ay mga kinatawan mula sa tanggapang sentral at panrehiyon, pansangay na tagapamanihala/tagamasid pampurok, mga guro at *guidance counselor* mula sa paaralang pampubliko at pamribado; iskolar; manunulat at iba pang interesadong indibidwal.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Kenneth Carlo L. Rives  
Sekretaryat  
Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino  
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue  
Loyola Heights, Quezon City  
Telefax: (02) 434-7973  
Mobile: 0922-875-1440, 0916-211-497  
Email: [sekretaryat@pssp.org.ph](mailto:sekretaryat@pssp.org.ph), [pssp-online@gmail.com](mailto:pssp-online@gmail.com)  
Facebook: <https://www.facebook.com/sulongpssp>  
Facebook Group: <https://www.facebook.com/groups/pssp-online>  
Website: [www.pssp.org.ph](http://www.pssp.org.ph)